

ITURO MO BEYBE!¹

Ang Improbisasyon sa Pagtuturo
ni
GLECY C. ATIENZA²

Sinumang guro’y sasang-ayon sa akin kapag sinabi kong ang pagtuturo ay may pangunahing layuning magbahagi ng kaalaman. Dakila man ang mga layuning ito, kapag hindi nalapatan ng akmang paraan ng pamamahagi ng kaalaman at malawak na perspektiba , nagmimistulang bubble gum ang pagkatuto’t pagtuturo. Isusubong minsan at lalaspin ng buong lugod ang tamis na makakatas dito. Matapos ang ilang nguya ay iluluwa na ito pagkat said na ang tamis na nalasap sa pag-nguya. Parang matabang na gomang patuloy na pinaiikot-ikot sa bibig para lamang maalis ang pagkabagot at magkaroon ng stage business ika nga o makaiwas sa pagkakaramdam ng pagkagutom sa kaalaman. At kung ganito ang pagkatuto, aasahan ba nating mag-asam ng kaalaman at higit pang kaalaman ang mga estudyante?

Tiyak na hindi. Kababagutan ng mga estudyante ang pagdalo sa klase . Kaiinisan ng guro ang pagtuturo at magiging kasing-mekanikal ng pagnguya ng bubble gum na maganit at wala nang lasa. Ang masaklap pa nito’y stressful ito sa guro at estudyante . Maaaring magbunga ng mga di –kanais-nais na pangyayari tulad ng pag-absent sa klase, pagbagsak sa klase, pagtigil sa pag-aaral para sa mag-aaral at/o , sakit sa puso, sakit ng kalooban, pagdami ng wrinkles at puting buhok , pagpangit at pangungunsumi ng mga guro, kaya’t maaaring tumuloy sa pinakamalala sa lahat, ay ang pagkawala ng trabaho pagkat bababa ang student evaluation at rating ,walang research,walang publication at mobibasyon sa pagiging productive.Upang maiwasan ang ganito, lagi namang laang maghanap ng mga bagong lapit ang mga guro. Tuwina’y sumasagap ng mga kung anu-anong ideya mula sa mga napapanood, nababasa o nababalitaan. Naninilip ng mga bagong gimik, nangangongopya ng mga bagong paraan.

Paano bang napagsasanayan ang patuloy na paglikha ng lapit sa pagtuturo?

Sa isang banda ay nariyan ang mga pormulang gabay sa paghahanda na tulad ng natutunan sa akademya. Makakatulong ito upang masinop ang paghahanda. Subalit ang mga ito ay mga gabay lamang at hindi mga sinasantong patakaran sa pagtuturo. Madalas , dahil ito ay mga tried and tested formulas na, labas masok ang kung ilang taon ay yun pa rin ang gingamit ng mga guro sa pagtuturo. Kung baga ay sobra na sa pagkaka-recycle kung kaya’t maaari na ring gasgas na ang paraan, dated na `ika nga pagkat mabilis na nagbabago ang panahon at kalagayan o sa madaling sabi ay Luz

¹ Panayam na inihanda para sa 2004 Concepcion Dadufalza Award for Distinguished Achievement in Teaching , Bulwagang Recto, UP Diliman, Marso 15, 2004 mula sa papel-workshop na inihanda para sa SAMAFILBER , Abril 11, 2002, Divine Word College, Calapan, Mindoro Oriental at sa workshop ng St. Augustine Academy of Pampanga, May 13-15, 2002.

² Si Glecy C. Atienza, Ph.D. ay artista ng tanghalan at guro ng panitikan, manunulat ng sanaysay at dula Kasalukuyan siyang tagapangulo ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman, Quezon City, senior artist ng PETA at tagapangulo ng Alyansa ng Manggagawang Pangkultura sa Kamaynilaan at Karatig-Pook Inc.

Valdes na.³ Maaaring ang klik sa panahong ito ay laos na bukas. Kung gayun, mahalagang maisapuso ng guro na kung ang pangunahing layunin ng pagtuturo ay ang pagkatuto, mahalagang tuklasin ang mga pananaw, paraan at paghahandang na makapagpapadaloy ng patuloy na paglikha ng mga nagbabagong lapit sa pagtuturo.

Hindi ko sasabihing bago o makabago pagkat sa sandaling banggitin ko ang bago ay naluluma nang kaagad ng panahon. Mas mainam marahil tawaging umaangkop pagkat aktibo ito at laging nakataya sa pagharap sa mga sirkumstansiyang nakahain habang tumatanaw sa pangangailangan ng mga estudyanteng pinatutungkulan ng pag-angkop. Gayundin, sa patuloy na pag-angkop ay naroon tuwina ang elemento ng maikli o liimitadong panahon na mahalagang salik sa pagtitiyak kung epektibo pa ba ang lapit o di kaya ay humihingi na ng pagbabago. Mahalagang sangkap din ang panahon pagkat kaakibat nito ang mga sirkumstansiyang pinaghahalawan ng material na ginagamit sa pag-angkop. Bukod sa limitadong panahon, malaking salik din sa pag-angkop ang lawak o kitid ng partisipasyong nahihikayat nito.

Itong tatlong salik ng pag-angkop, limitadong panahon at paglahok ay mga salik na nagtutulak sa sinuman, tuwina, na lumikha at tumugon sa panawagan ng nagbabagong kalagayan. Ito rin ang mga salik na mahalagang maisaalang-alang sa patuloy na pagtuklas ng mga lapit sa pagpapatalas ng kaalaman. Walang iba ito kundi ang gamit ng improbisasyon bilang isang pananaw at lapit sa pagtuturo.

ANG IMPROBISASYON: LAPIT AT PANANAW SA PAGTUTURO

Sa improbisasyon, may pagtanaw na walang permanente sa mundo kundi ang pagbabago. Bukas ang isip at puso sa pag-unawa at pagdama ng mga nagbabagong kalagayan at dinamiko ng ugnayan sa paligid. Sa madaling sabi, ine-enjoy ang bawat enkwentro sa buhay. Bawat pangyayari ay matamang sinisimsim upang makalikha ng mga sitwasyon o kalagayang maihahain mula sa isang bagong karanasan. Samantalang bukas sa mga bagong ideya, naroon pa rin ang balangkas ng kaayusan na maaring gawing gabay. At dahil may pagsasaalang-alang sa malawak na partisipasyon, hindi maiwasan ang paglalagay sa interes ng estudyante o learner bilang tampok na konsiderasyon. Pangunahin ito pagkat naka-angkla sa malawak na partisipasyon ng mag-aaral ang pagsukat ng angkupan at panahong kailangan upang maipatupad ang pagbabago. Sa improbisasyon, ang susi ay ang pagkilala sa pulso ng estudyante at ng kalagayang umiiral, ang pagsapol sa pangangailangan ng kalagayang ito at ang paglikha ng bagong karanasan maihahain bilang karanasan ng pagkatuto. Samaktwid, ang bagong pagsipat ay batay sa masusing pag-aaral ng kondisyong umiiral at ang pag-alok ng mga alternatibo karanasan.

Paano itong naisasagawa?

Alternatibong karanasan at kaalaman na makaaangkop sa pangangailangan ng pinatutungkulan ang susing sukatan sa usaping ito. Nagsasagawa ang guro ng imbestigasyong panlipunan upang makilatis ang kalagayang kanyang kinakaharap—kalagayan ng estudyante, kalagayang nagluwal ng kalagayan ng estudyante, luwal na kalagayan ng kalagayan ng estudyante, hayag na kalagayan ng estudyante at ang di-hayag o kinondisyong kalagayan ng estudyante, sistema ng pamamahayag na kilala ng

³ Luz Valdes ay isang kolokyal na bulalas na ibig sabihin ay “talo” mula sa salitang “lose” sa Ingles. Kasingkahulugan ito ng mga salitang may kasintunagan tulad ng “Luzviminda, Lucila Lalu” at iba pa.

estudyante. Sa pagsusuring ito, magagamit ng guro ang mga kaalaman sa kasaysayan, agham, estadistika, hanggang sa mga usap-usapan, chismis, mga likhang sining at popular na mediang luwal na teknolohiya. Mabilis na pag-iisip, matalas na obserbasyon at masinop na pag-uugnay at analisis ng mga konkretong kalagayan at pangyayari sa lipunan ay ilan sa mga kapaki-pakinabang na kasanayan sa gawaing ito. Higit sa lahat, mahalagang maging bukas ang isipan ng guro sa pagsipat ng di-hayag na ugnayan ng mga bagay na tatambad sa kanyang harapan.

Upang matiyak ang malawak na mobilisasyon o partisipasyon, mahalagang naka-ugat ang mga pamamaraan ng pagpapakilos sa pananaw at pangangailangan ng mga pinatutungkulan nito. Samakatwid, ang wika ng pamamahayag, paraan ng argumentasyon at imahen ng sarili at ng hinaharap ng mga mamamayan ang matamang sinusubaybayan upang makalikha ng mga bagong larawan ng kalagayang ihahain bilang pag-angkop sa nagbabagong kalagayan. Dito rin papasok ang pag-alam sa mga pamamaraan ng pamamahayag na ginagamit at pamilyar sa mga pinatutungkulan. Ito rin ang balon ng materyal sa gamit ng popular na anyo ng pamamahayag.

IMPROBISASYON AT MGA ANYO NG PAMAMAHAYAG SA PAGTUTURO

Ano ang mga popular na anyo ng pamamahayag na ginagamit at pamilyar?

Ang popular na anyo ng pamamahayag ay maaaring tumukoy sa anumang paraan ng komunikasyong ginagamit ng mga tao upang maipaabot ang kanilang saloobin. Nasasagot ito ng mga tanong na paanong magpahayag—berbal, oral, nakasulat, nakadrawing, inaawit, inuungot o ikinikilos, gamit ang ibang teknolohiya mula sa teknolohiya ng papel at lapis hanggang sa teknolohiyang dulot ng makina tulad ng mass media at computer. Maaari itong kasing-simple ng pagsutsot upang tawagin ang isang tinatawag o sing-lalim ng pananahimik upang maghintay sa susunod na maaring mangyari kung hindi sang-ayon ang isang tao sa isang kalakaran. Maaring ito’y may naiiwang mga labi ng paglikha tulad ng mga nakasulat na tula, naka-record na awit, nakaukit na iskultura o naka-videong pelikula. Maaari rin namang hindi nakatala tulad ng mga iglap na tudyang berbal, mga awit na mapanudyo o mga joke na panlibak sa mga kalakarang palasak at nais na mabago. Material man o hindi, may naiiwan itong manipestasyon sa mamamayan kung ito’y nangyari at naranasan nila at ang mga labi nito sa salita, likhang sining o isang paniniwala ay matamang mabigyang pansin upang masiyasat kung tunay nang nagbakas sa isipan o nakapagiwan ng marka dahil mahalaga o di kaya naman ay tuluyan nang nabaon sa limot at sa kangkungan ng kasaysayan dahil hindi pinatulan ng mamamayan o dahil sa ninais nilaitong kalimutan.

Pagkatapos ba ng pagtukoy ng mga ito’y nangangahulugang may mga pamamaraan na sa paglikha ng mga bagong lapit at pag-iimprobisa?

Maaaring sa isang pagsipat ay oo pagkat marami nang maihahanay na gimik ang isang guro na puedeng paghalawan ng kanyang lesson plan. Halimbawa, ang mga kuwentong bayan ay maaaring pag-aral at ituring bilang lunsaran ng talakayan sa pagpapahalaga o values. Kung may mapanuring kakayahan naman ang guro ay maaari niyang magamit ito bilang lunsaran ng talakayan ng kasaysayan ng bayan na

pinagmulan ng kuwento batay sa mga pangyayari at iba pang sangkap na nakapaloob sa teksto. Ang mga nakahanay na paid advertisements sa kahabaan ng rota ng MRT sa Maynila ay ginagamit ko halimbawa upang talakayin ang usapin ng bayan na nakapaloob sa school anthem ng UP o di kaya ay ang konsepto ng kasarian at kapangyarihan. Ito na ang gamit ng pag-uugnay ng mga bagay na tila walang kaugnay ngunit may malaking pagkakakawing bunga ng pananaw na ang lahat ay may ugnayan at ang mga labing ito ay pawang nakapaloob sa isang hegemonya o istrukturang kapangyarihan kinabibilangan ng mga mamamayan sa lipunan.

Ngunit sa mas exciting na antas ay maaaring talakayin ang mga anyo ng pamamahayag nito bilang lunsaran ng paglikha ng bagong pananaw at bagong pagsusuri sa dinamiko ng lipunan sa paraan ng structured learning experience o SLE. Hindi na naman bago ang paraang ito subalit madalas na kapag ginamit ang SLE ay naiiwan lamang ito sa isa o dalawang hakbang at hindi naihuhusto ang kabuuang proseso ng pagtuklas ng mga makakatas na dimension ng buhay na makukuha sa pag-uugnay at paghahanay ng mga gawaing magkakakawing kawing. Pangunahing katangiang ng SLE ay ang pagsabak sa isang mag-aaral sa isang karanasang tuwirang siyang kikilos, lilikha at tutuklas ng mga bagong kaalaman mula sa mga gawaing ihahain sa pag-aaral. Anumang SLE ay may karaniwang format na tulad ng anumang lesson plan. Ang kaibhan nga lamang, ang SLE ay higit na may diin sa mga gawaing participatory. Gayundin, ang SLE na aking tinutukoy ay sumusunod sa pagsasagawa ng mga multi-disciplinal activities bilang magkakaugnay na gawain.

ANG INSTRUKTURA NG IMPROBISASYON SA PAGTUTURO

Sinisimulan ito ng isang magang gawain na unti-unting iginigiya tungo sa higit na mabigat hanggang sa makabuo ng isang karanasang paghahalawan ng mga konsepto at insights ng mga kalahok. Ang tinutukoy kong proseso ay may hanay na ganito:

Release—kadalasan ay mga gawing nagbubukas ng paksa saloobin ng estudyante ukol sa paksa; maaaring laro, awit o anumang kasiya-siyang gawain

Awareness—karugtong na gawain higit na magpapalalim sa naunang nabuksang paksa

Exploration—karugtong na gawain na nasa ibang anyo na magpapalawig pang lalo sa paksa

Synthesis—pagsusuma ng mga karanasan mula sa naunang gawain upang matukoy ang mga konseptong nais idiin/bigyang pansin; mahalagang salik dito ang pagsusuma at paghalaw ng konsepto mula sa insights at learning experiences ng estudyante

Mastery—balidasyon ng konsepto sa pamamagitan ng isang gawain na makapagpapatunay sa kanilang natukoy na kaalaman; katapat ng eksamen sa kumbensyunal na pag-aaral ngunit nakatuon sa pagsubok ng kaalaman sa ibang larangan upang mapatunayan kung naunawaan nga itong totoo

Application—paglalapat ng konseptong natutunan sa pag-aaral ng isang kaugnay na larangan upang tiyakin ang katumpakan ng konsepto o upang ibalida ito.⁴

⁴ Ang panuntunang ito ay hiniram ko mula sa mga workshop ng PETA na kinabibilangan ko mula pa 1976. Ang gamit ng pamantayang RAESMA ay bilang gabay lamang. Hindi naman mahigpit sa pagbabaitang nga bawat gawain ayon dito. May ilang pagkakataon na maaaring sa isang gawain ay naroon

Sa ganitong paraan, ang mga paghahanda ng silabus ay hindi na lamang nagiging paghahanay ng mga paksa na tatalakayin sa bawat linggo at ang katapat na reading list nito. Ang hamon ay pagtukoy ng mga gawain--ang pagsasakongkreto ng mga activity na magiging lunsaran sa pagtalakay—mula sa layunin, gawain, side-coaching questions, synthesis points, possible areas of questioning at mga kaugnay na usapin. Kung baga ay isinasalin na ito kaagad sa aksyon—ano ang maaaring mangyari, upang maisabak na kaagad sa konkretong imbestigasyon. Bahagi rin nito ang paghahanda ng mga teaching materials na interaktibo ang katangian tulad ng mga laro, exposure trips, interview, observation trips, powerpoint presentations, manila paper drawings, overhead materials, video, maskara, picture frames, costumes, classroom venues at iba pang kagamitang makapupukaw sa pagdanas at pag-iisip ng estudyante.

Ang gamit ng improbisasyon bilang paraan ng pagtuturo ay ang patuloy na pagkilatis sa kalagayan at pangangailangan ng mga estudyante upang makahikayat ng pinakamalawak na antas ng partisipasyon mula sa kanila. Sabihin pang layunin ng partisipasyong ito ang makalikha ng matiim na pagkatuto para sa kanila. At kung ibabatay natin ito sa konsepto ng adult education o andragogy, higit na nakapag-iiwan ng bakas ng pagkatuto ang prosesong kinalalahukan ng aktibo ng isang nag-aaral kaysa yaong nababasa lamang.

Kaiba sa konsepto ng pedagogy o pedagohiya, na ang lapit ay may pagturing sa nag-aaral bilang nakababatang kalahok sa proseso ng pagkatuto, sa andragogy o andragohiya, ang mag-aaral ay kinikilala bilang mga may sapat na kakayahan sa pagkilatis ng mga ideya kung kaya't nasa posisyon na ring maipag-iba ng mga ideyang aplikable at di aplikable. Dito, ang proseso ng pagkatuto ay nililikha bilang isang karanasang maaaring sipatin ng mag-aaral bilang sintesis ng kaalaman na konkreto niyang isinabuhay-- mula sa tuwirang obserbasyon at paglahok sa aktwal na pang-araw-araw na buhay.

Sa ganitong paraan, ang turing sa nag-aaral ay katuwang sa pag-aaral at hindi lamang natutuo mula sa sinasabi ng guro. Marami ang pinagmumulan ng pagkatuto—guro sa estudyante, estudyante sa guro, estudyante, kapwa estudyante, lipunan at guro-estudyante. Ang turing sa estudyante ay katuwang sa pagtuklas ng bagong kaalaman kung kaya't pinadadaloy lamang ng guro ang mga kalagayan upang matulungang mag-isip at makilahok sa pagkatuto ang mga estudyante. Ang pokus ay nasa paghalaw ng kaalaman mula sa karanasan, pagkalas mula sa nakatataling kaalaman at pagbubukas ng kritikal na pag-iisip para sa higit na mayamang pagsipat ng mga karanasan. Ang pagkatuto ay isang pangyayaring nararanasan ng estudyante at ang kalagayan ng pagkatutuo ay makikila sa kumportableng pagkakataon at malayang palitan ng kuro, pantay na paggalang sa guro at estudyante, kalayaang magpahayag ng palagay at ng sariling naiisip at ang pagtanggap sa mga pagkakaiba ng karanasan at palagay ng bawat isa.⁵

na rin ang katangian ng release at awareness at iba pa. Gabay lamang ito upang matiyak na may malinaw na tunguhin ang structured learning experience. May halimbawa ng balangkas ng structured learning experience na kalakip ng papel na ito.

⁵ Malcolm Knowles. The Modern Practice of Adult Education. (New York: Association Press, 1970 pp.21-55.)

Bukod rito, ang proseso ng gamit ng structured learning experiences na halaw sa pananaw na higit na natututo ang estudyante kung nasisiyahan siya sa kanyang karanasan. Tapos na ang panahong ang tantos ng pagkatuto ay ang tindi ng pagdurusa sa pag-aaral. Mahalagang malikha ang mayaman at masayang kaligiran ng pag-aaral upang maging mapanghikayat din sa paglahok ng mga nag-aaral. Sa gayun, nariyan din ang kahilingang patuloy na maging bahagi ang guro sa paglikha at pagkatuto upang masiyahan din siya sa pagtuturo, Sabihin mang mataas na kahilingan ito para sa isang natuturo, mahalaga ito upang patuloy ang pagbulwak ng bagong kaisipan sa mga gurong nangunguna sa pagtuklas ng kaalaman. Ang mga pagkakataon ng paglikha ng mga bagong anyo at pamamaraan ay mga pagkakataon ng gamit ng improbisasyon sa pagtuturo.

Sa mga nabanggit, mararamdaman ng isang gurong hindi sapat ang makatapos ng kursong batsilyer o maging ng doktorado upang makapagturo. Integral na salik ang patuloy na pagiging bahagi ng mga pangyayari sa labas ng unibersidad—bilang mananaliksik, bilang tagalikha ng mga pagbabagong pampamayanan..

ANG PAGHAHANDA PARA SA IMPROBISASYON SA PAGTUTURO

Paanong pinaghahandaan ang ganito?

Maaaring tingnan sa tatlong antas ang paghahandang kailangan dito—ang paghahanda ng nilalaman ng ituturo, ang paghahanda ng guro bilang guro at mag-aaral, at ang paghahanda ng lohistikal na pangangailangan sa pagtuturo.

Pangunahin ang paghahanda sa nilalaman ng itinuturo. Mahalagang malinang ng guro ang di-mapatid na uhaw sa pagkatuto. Mahalagang malinang ang buong-pusong pagmamahal sa larangang ating itinuturo. Mahalagang masapol ng guro ang pangkalahatang larawan ng kanyang paksain. Sa larangan ng panitikan halimbawa, hindi sapat na nakapagbabasa. Mahalaga ring maging mga tagapaglikha ng akda at tuklasin ang proseso ng paglikha nito upang malubos ang pag-unawa sa kalikasan ng mga akdang pampanitikang itinuturo. Mahalaga rin ang pag-aaral ng M.A. at Ph.D. pagkat sa mga pag-aaral na ito napipilitang magbasa at mag-update ng kaalaman at teorya ang mga guro. Sa mga pagkakataon ding ito naibubukas ang pag-uugnay ng bagong larangan sa pag-aaral ng panitikan. Naibubukas din ang mga gamit ng mga teoryang mapapakinabangan sa masusing pag-aaral. Higit sa lahat, sa pag-aaral ng mga kursong gradwado nabubuksan ang pagkakataon ng pagtuklas ng mga bagong larangan ng panitikan at pamamahayag na kailangang-kailangang maisagawa ng mga guro at mananaliksik. Dito papasok ang papel ng guro bilang mga tagapanguna sa pananaliksik ng mga akdang pampanitikang di pa nalilimbag o lubusang napag-aaralan.

Mahalaga ring buksan ang pagkatuto hindi lamang sa pormal na pag-aaral kundi maging sa mga di-pormal na pagsasanay tulad ng mga palihan sa sining at pagsulat, sports, pagluluto, broadcasting ,computer technology at katutubong kaalaman. Kailangang maging bukas ang mga guro sa anumang pagsasanay na maaaring makatulong sa pagpapayaman ng kanilang pagtuturo at paglikha ng mga teaching aids.

Kailangang maging in-touch sa mga bagong cultural codes ng panahon. Sa mga may gamit halimbawa, malaking bagay ang computer-aided teaching materials. Sa mga wala namang access sa computer, mahalagang pag-aralan ang bisa ng mga biglaang pagtula, bugtungan at iba pang katutubong anyo ng pamamahayag bilang mga pamamaraan ng pagtuturo . Maanong makalikha ng mga bagong lapit sa pagtuturo gamit ang pagluluto o di kaya ay ang pagtatanim bilang metapora ng pananaliksik at paglikha ng mga malikhaing katha. Mahalaga ring maging kritikal at malay sa kulturang taglay sa paggamit ng mga mass media forms .

Ang ganitong paghahanda ay nangangailangan din ng kakaibang aktitud sa guro upang makayanan niyang isustini ang pagtugon sa ganitong hamon ng pagtuturo. Kailangang ibukas na ng guro ang kanyang pananaw sa higit na mapanghikayat na pagkatuto (participatory learning). Nangangahulugan ito na hindi lahat ng tama ay hawak niya kundi maaaring hawak din ng mga estudyanteng kasabay niyang nakatutuklas ng mga bagong kaalaman. Kung gagamitin ng guro ang tanong na "what if" at itutuloy ito sa pagtuklas ng kaalaman, magbubukas siya ng isang di-masasaïd na balon ng posibilidad sa pagkatuto.

Bunga nito, maaaring magbago hindi lamang ang lapit sa pagtuturo kundi maging ang pakikitungo at relasyon ng guro at estudyante. Mas mapanghikayat halimbawa ang relasyong batay sa pantay na respeto at paggalang sa isa't isa bilang kapwa-tao kaysa sa respetong dahilan sa puwesto o hiyerkiya ng kapangyarihan. Higit na makahihikayat ng partisipasyon at talakayan ng mga palagay sa guro at estudyante. Mahalaga ring isaisip na ang mga estudyante ay mga kinikilatis at kinikilala bilang lunsaran ng antas ng pag-aaral na kailangang malikha sa klase. Kung sa usapang akademiko at negosyo, ito ang aspeto ng pagkilala sa clientele; kung sa usapang teatro, ito ang pagkilala sa karanasan at pangangailangan ng iyong manonood at tagapagsubaybay.⁶

Kailangang maging malakas ang pangangatawan ng guro o physically fit. Pagkat paano bang matutugunan ang ganitong rigorous preparation at kahilingan ng mapanlahok na pagtuturo kung mahina at laging may sakit ang guro. Nakakapagod makinig sa mga gurong pagod. Kung gagamitin gabay ang aktitud ng isang performer; hindi maaaring maramdaman ng isang manonood na pagod ang guro, o di kaya ay nahihirapan. Kailangang dumaloy ang pag-aaral ng madulas at walang sagabal. Performance level 'ika nga; walang panahong magpaliwanag o magpalusot tulad ng nangyayari sa mga pagtatanghal sa entablado. Kailangang maging handa at kaibig-ibig tingnan at panoorin sa oras na tumayo ang isang guro sa harap ng klase. Mahalagang maging handa, hindi lamang sa paksa kundi sa pagpapatupad ng mga experiential activities na kailangang ibuhol ng mga konsepto matapos ang karanasan . Sa participatory teaching, nababawasan ang bigat ng gawain sa guro pagkat hindi niya kailangang mag-lektyur ng magdamag. Ang hirap ay nasa paghahanda ng mga gawain, ang pagpapalano ng mga daloy ng talakayang naisasalin sa mga gawaing dinaranas ng mga mag-aaral. Naipamamahagi ang responsibilidad sa pagtalakay kaya't kailangang lamang matutunan ng guro ang kasanayan sa pagsintesis ng mga talakayan at pagsusuma ng mga konsepto.

⁶ Joseph Landy S.J. Letter to a Young Teacher: The Art of Being Interesting. (Manila: Tahanan Books, Inc. 2000, pp.13-68.)

Dahil sa kakaibang ayos ng pag-aaral, maganda ring pansinin ng guro na ang itsura at representasyon ng klase ay representasyon ng uri ng pag-aaral at learning environment na kanyang nililikha. Kailangan ng isang relaxed, bukas at mapanghikayat na learning environment. Mahalagang tingnan kung ang set-up ng mga silyang nakaharap lahat sa guro at mas mainam na gawing nakabilog upang hindi nakasentro sa guro ang lahat ng pagkatuto. Mahalagang maghanda ng mga teaching aids na abot-kaya ng estudyante at nakabatay din sa available resources ng komunidad at rehiyon. Hindi dapat alienating ang epekto ng teaching aids kundi nakapagbubukas ng pagkamalay sa posibilidad ng paggamit ng mga available resources sa paligid sa paraang kakaiba.

Maaaring maging radikal at umabot din sa pagbabago ng itsura ng guro mula sa karaniwang konsepto ng gurong naka-bestida, high heels at nakapusod ng buhok tungo sa gurong mas relaxed, nakabestida man o pantalon ay malayang makakikilos sa klasrum ayon sa kahingian ng gawain. Maaaring bigyan din ng pansin ang maayos na paglalagay ng make-up sa mukha upang mabigyang-diin ang halina ng mukha ng guro sa halip na maging tampulan ng tsismis at katatawanan ng mga estudyanteng paboritong manlibak ng kanilang mga guro. Tulad ng isang aktor na pumapagitna sa entablado at pinanonood ng tao, ang guro ay mahalaga ring may kaaya-ayang itsura upang igalang at kasiyahang tingnan ng mga estudyante. Mahalaga ring i-ensayo ng guro ang kalidad at lakas ng kanyang boses. Mahalaga ito hindi lamang upang maging kaaya-aya ang dating ng boses sa mga mag-aaral kundi upang hindi magasgas ang lalamunan. Survival tips ika nga para sa magdamag na klase. Kapaki-pakinabang dito ang gamit ng diaphragmatic breathing at chest tone sa halip na mula sa lalamunan upang makalikha ng boses na malakas, malinaw, relaxed at kaaya-ayang pakinggan. Pabor ito sa guro pagkat hindi ito nakapagdudulot ng stress maghapon man siyang sumabak sa klase. Makatutulong din sa guro kung matututunan niya ang paglilipat ng kanyang bigat sa magkabilang paa o shifting of weight upang hindi siya magkasakit sa binti at ugat sa matagalang pagtayo. Menos ito sa mga gamut at cosmetic products na kailangang gastusan ng mga guro upang manatiling maganda. Higit sa lahat, mahalagang makapagpaunlad ng isang kasiya-siyang kaligiran sa klase. Kaaya-ayang makapag-develop ng isang sense of humor na mapagmasid, kritikal at nagbibigay ng diin sa daloy ng talakayan sa klase. Sa madaling sabi, mainam sana kung ang guro ay "nice to be with, nice to look at, nice to listen to."

Radikal at demanding ang mga nabanggit na alternatibo. Subalit hindi nga ba radikal ang anumang pagbabagong nais magpabuti sa anumang kalagayan? Mapanlahok, bukas sa pagbabago, naghahain ng alternatibo at handang umangkop sa pagbabago ng panahon. Kung maisasagawa lamang ang pagkatuto sa kalagayang malayang mag-eksperimento ng mga bagong likha, higit marahil na magiging kaigayigaya ang pagkatuto. Mababawasan ang binabalikat na bigat ng guro sa pamamahagi ng kaalaman (dahil sa totoo lamang naman ay hindi hawak ng guro ang lahat ng kaalaman). Kailangang hawakan din ng guro ang pinakamahasag na pagkakataon sa pagkatuto, ang teknolohiya at proseso ng produksyon ng nagbabagong kaalaman at nagbabagong pag-angkop sa mga pangangailangan ng lipunan.

Malaki ang inaasahan sa isang gurong nangunguna sa pagpapalaganap ng kaalaman. Tulad ng isang mahusay na artista sa tanghalan, nililikha ng isang guro ang isang kaayusang mapagpalaya sa panahong naglilipat siya ng kaalaman sa loob ng klase. At dahil dito'y hinihingi ng pagkakataon ang pinakamataas na antas ng kaalaman, energy at dedikasyon sa pagkamit ng pinakamahusay na kalidad ng edukasyon.. Sa ganito, ang guro ay hindi lamang magiging tagapamahagi ng kaalaman kundi tagapagpadaloy ng kaalamang makapagpapayaman sa lipunan. Dahil higit sa kaaalaman, mahalagang maituro ng guro ang proseso ng patuloy na nagbabanyuhay na teknolohiya ng pagtuklas ng bagong kaalaman. Kaya ituro mo na, Beybe, nang may matamis na ngiti!***

HALIMBAWANG BALANGKAS NG STRUCTURED LEARNING EXPERIENCE

1. Layunin
2. Mga Kagamitang Kailangan
3. Time Frame/Panahong Kailangan
4. Mga Gawain/Instructions
(Warm-up/unfreezers,pangunahing gawain, gawaing pang-ugnay/feedback question/karugtong na gawain/follow-up activity/feedback session/evaluation)
5. Halaga ng Gawain/Synthesis Points
6. Side-coaching questions
7. Mga Dapat Bantayan sa Gawain/Points to Watch-out for
8. Mga Dapat Bantayan sa Ebalwasyon
9. Mga Posibleng Suliranin/Kahirapan
10. Mga Kaugnay na Gawain/
11. Mga Mungkahing Babasahin

ILANG PILING SANGGUNIAN

1. Knowles, Malcolm. The Modern Practice of Adult Education. New York: Association Press,1970.
2. Landy, Joseph V. S.J. Letter to a Young Teacher. The Art of Being Interesting. Manila:Tahanan Pacific,Inc. 2000.
3. Pefianco,Ma. Isabel at Ma. Teresa H. Wright. Making Lit a Hit. Quezon City: Ateneo de Manila University, 1992.
4. Postmas, Neil at Charles Weingartner. Teaching as a Subversive Activity. Great Britain:Penguin Education Books, 1969.
5. Hope ,Ann at Sally Timmuel . Training for Transformation. A Handbook for Community Workers. Book 1-2. Gwaru:,Zimbabwe:,mambo Press,1984.